

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Gumagawa ng aksyon ang Konseho ng Lungsod ng Brampton para suportahan ang mga negosyo at ang plano para sa pagbangon ng ekonomiya bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Mayo 13, 2020) – Sa araw na ito, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Brampton bilang balangkas para umabante ang Lungsod sa muling pagsisimula ng lokal na ekonomiya.

Adbokasiya sa maliliit na negosyo

Bilang tugon sa mga epekto ng COVID-19 sa komunidad ng maliit na negosyo sa Brampton, kabilang ang pagkawala ng kinikita at patuloy na banta ng pagpapaalis, nagpadala si Mayor Brown ng sulat sa Pamahalaan ng Probinsya na humihiling ng pansamantalang ban sa pagpapaalis ng isang negosyo. Ang pangmaikling panahon na solusyon ay magbibigay ng tulong sa mga negosyo na naghihintay sa pag-apruba ng programang Canada Emergency Commercial Rent Assistance (CECRA).

Hinihikayat ng Lungsod ang mga landlord sa Brampton na pag-isipan ang pag-aplay para sa CECRA at makipagtulungan sa mga nangungupahan sa mga plano ng pagbabayad sa upa para makatulong sa kanila sa mahirap na panahong ito.

Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya

Ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ay ginagabayan ng Task Force sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19 ng Mayor, na kino-co-chair ng Rehiyonal na mga Konsehal na sina Michael Palleschi at Paul Vicente at nagsisikap para i-coordinate ang mga rekomendasyon at mga hakbang para suportahan ang mga pagsisikap sa tulong sa negosyo sa Brampton sa buong COVID-19 pandemic. Kabilang sa Task Force ang mga miyembro mula sa mga pamahalaan ng Pederal at Probinsya, ang Brampton Board of Trade, ang Downtown Brampton BIA, Chambers of Commerce, pati na rin ang mga kinatawan mula sa komunidad ng negosyo sa Brampton.

Minimithi ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya na dalhin ang pakinabang ng pagiging resilient at kompetitibo sa ekonomiya ng Brampton ha bang sumusulong ito. Ang mga mithiing ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagpapasulong sa agaran at mas mahabang panahon na mga aksyon na kaayon sa apat na katangian ng Estratehiya. Ang apat na katangian, at ilang agarang aksyon, ay:

- **Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship**

Ang lubos na pag-angkop sa inobasyon at pagbabago ng teknolohiya at pagsamantala sa entrepreneurship, sa pamamagitan ng mga inisyatiba tulad ng ekspansyon ng mga alok ng Brampton Entrepreneur Centre at opisyal na paglulunsad at pagpapalago ng downtown Innovation District.

- **Pamumuhunan**
Pagsamantala sa mga oportunidad para maakit at mapapanatili ang pamumuhunan, kabilang ang paglunsad ng kampanyang “Suportahan ang Lokal” at mga Misyon ng Birtwal na Direktang Pamumuhunan ng Dayuhan.
- **Imprastraktura**
Pagpapabilis sa mga proyektong imprastraktura, kabilang ang ekspansyon ng Algoma University.
- **Sining, Kultura at Turismo**
Pagpapatuloy tungo sa digital na inobasyon habang muling pinag-iisipan ng Lungsod ang kinabukasan ng pagpapalahok sa kultura at suporta para sa sektor ng sining at kultura. Ang mga agarang inisyatiba ay kinabibilangan ng birtwal na paghahatid ng edukasyon sa sining, mga performance at mga event.

Ang Estratehiya ay mag-i-evolve paglipas ng panahon habang ipinapatupad at tinatasa ang mga aksyon.

Mga Quote

“Ang COVID-19 ay isang malaking alon sa ekonomiya para sa mga negosyo sa Brampton, kagaya ng sa buong mundo. Patuloy nating itinataguyod ang ating komunidad ng negosyo habang pinaplano natin ang muling pagtatayo sa ating ekonomiya. Nagagalak ako na ang Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ay nakatuon sa pagbangon habang nagbibigay ng agarang suporta sa mga lokal na negosyo, kaya handa tayo na muling simulan ang ating ekonomiya at suportahan ang ating mga negosyo sa kanilang pagbangon sa lalong madaling panahon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Maswerte tayo na kasama natin ang maraming partner mula sa ating komunidad, kabilang sina Ministro Sarkaria at MP Khera, sa talakayan ng Task Force sa Suporta sa Ekonomiya para pag-usapan ang mga isyu na nahaharap ng ating komunidad ng negosyo, at para makipagtulungan sa atin tungkol sa posibleng mga solusyon. Nagsasama-sama tayo para suportahan ang ating komunidad ng negosyo ngayon at para planuhin ang pagbangon ng ating ekonomiya habang lumilitaw tayo mula sa krisis na ito. Tunay na mas malakas tayo kung magsama-sama, at magkasama nating malalampasan ito.”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Co-Chair, Task Force sa Suporta sa Ekonomiya*

“Nasa ground tayo kasama ng ating komunidad sa negosyo mula nang mag-umpisa ang COVID-19 pandemic, nakipagpulong sa kanila, nagtataguyod para sa kanila, at sumusuporta sa kanila sa anumang paraan na kaya natin. Inaasahan natin ang pagtulong sa kanila na lumabas na matibay at resilient sa krisis na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng tunay na mga hakbang na susuporta sa kanila ngayon at sa hinaharap.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Co-Chair, Task Force sa Suporta sa Ekonomiya*

“Walang pagod na nagtatrabaho ang ating staff kasama ng mga miyembro ng Task Force sa COVID-19 ng Lungsod para suportahan ang ating mga lokal na negosyo ngayon, habang umaasa na makatulong na mapasigla ang kanilang paglago at tagumpay sa hinaharap. Gumagawa ang Lungsod ng maagap na paraan na nagtitiyak ng isang komprehensibong tugon sa COVID-19 na kinabibilangan ng maraming sektor ng ating lokal na ekonomiya.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca